

**Kuwestiyonaryo sa Pagpapahina ng Kahusayan sa Trabaho at Gawain:
Reyumatoid Arthritis V2.0 (WPAI:RA)**

Ang mga sumusunod na mga tanong ay tungkol sa epekto ng inyong reyumatoid arthritis sa inyong kakayahang magtrabaho at gawin ang mga karaniwang gawain. *Paki-sagutan ang mga puwang o bilugan ang isang numero tulad ng nakalagay.*

1. Kayo ba ay kasalukuyang nagtatrabaho (pagtatrabaho para kumita)? ___ HINDI ___ OO
Kung HINDI, tsekan ang "HINDI" at pumunta sa tanong 6.

Ang mga sumusunod na tanong ay tungkol sa **nakaraang pitong araw**, hindi kasama ngayong araw.

2. Noong nakaraang pitong araw, ilang oras kayong lumiban sa trabaho dahil sa mga problema na may kinalaman sa inyong reyumatoid arthritis? *Ibilang ang mga oras na inyong ipinagliban sa mga araw na hindi kayo pumasok, mga pagkakataong kayo ay nahuli, umalis nang maaga, atbp. dahil sa inyong reyumatoid arthritis. Huwag isama ang oras na niliban dahil sa pagsali sa pagsusuring ito.*

_____ ORAS

3. Noong nakaraang pitong araw, ilang oras ang inyong niliban sa trabaho dahil sa iba pang kadahilanan tulad ng bakasyon, piyesta opisyal, libreng oras na ginamit para sumali sa pagsusuring ito?

_____ ORAS

4. Noong nakaraang pitong araw, ilang oras kayong talagang nagtrabaho?

_____ ORAS *(Kung "0", pumunta sa tanong 6.)*

5. Noong nakaraang pitong araw, gaano nakaapekto ang inyong reumatoid arthritis sa inyong kahusayan habang kayo ay nagtatrabaho?

Isipin ang mga araw na kayo ay hinahadlangan sa dami at uri ng trabahong inyong nagagawa, mga araw na konti ang nagawa ninyo kaysa sa gusto ninyo o mga araw na hindi kayo masyadong makapagtrabaho nang maingat na tulad nang dati. Pumili ng mababang numero kung kaunti lamang ang epekto ng reumatoid arthritis sa inyong trabaho. Pumili ng mataas na numero kung malaki ang epekto ng reumatoid arthritis sa inyong trabaho.

Isaalang-alang lamang kung gaano nakaapekto ang reumatoid arthritis sa inyong kahusayan habang kayo ay nagtatrabaho.

Walang naging epekto ang reumatoid arthritis sa aking trabaho

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

Talagang hindi ako nakapagtrabaho dahil sa reumatoid arthritis

BILUGAN ANG ISANG NUMERO

6. Noong nakaraang pitong araw, gaano nakaapekto ang inyong reumatoid arthritis sa inyong kakayahan para magawa ang inyong karaniwang pang-araw-araw na gawain, maliban sa gawain sa trabaho?

Ang ibig sabihin sa mga karaniwang pang-araw-araw na mga gawain ay ang inyong ginagawang mga gawain tulad ng gawain sa loob ng bahay, pamimili, pag-aalaga ng bata, pag-eehersisyo, pag-aaral at iba pa. Isipin ang mga araw na kayo ay hinahadlangan sa dami at uri ng mga gawaing inyong magagawa at mga beses na mas konti kaysa sa gusto ninyo ang inyong nagawa. Pumili ng mababang numero kung kaunti lamang ang epekto ng reumatoid arthritis sa inyong gawain. Pumili ng mataas na numero kung malaki ang epekto ng reumatoid arthritis sa inyong gawain.

Isaalang-alang lamang kung gaano nakaapekto ang reumatoid arthritis sa inyong kakayahan para magawa ang inyong karaniwang pang-araw-araw na gawain, maliban sa gawain sa trabaho.

Walang naging epekto ang reumatoid arthritis sa aking mga gawaing pang-araw-araw

0 1 2 3 4 5 6 7 8 9 10

Talagang hindi ako makagawa ng aking mga gawaing pang-araw-araw dahil sa reumatoid arthritis

BILUGAN ANG ISANG NUMERO

WPAI:RA V2.0 (Tagalog)